# Mga Tagubilin *para sa* Kurikulum 2012



## Mga Nilalaman


Pangkalahatang Kurikulum tuwing Linggo 2012 . . . . 2

Pangunahing Kurikulum tuwing Linggo 2012 . . . . . . 4

Mga Korum at Klase tuwing Linggo . . . . . . . . . . . . . . 6

- Melchizedek Priesthood at Relief Society . . . . . 6
- Aaronic Priesthood at Young Women . . . . . . . . 6
- Primary . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 7
- Sunday School . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 7
- Opsyonal na mga Kurso . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 7
- Mga Miyembrong May Kapansanan . . . . . . . . . . 7
- Pagpapahusay ng Pagkatuto at Pagtuturo . . . . . 7

Mga Materyal para sa Tahanan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 8


## Sa mga Bishop at Branch President

*Mangyaring repasuhin ang mga tagubiling ito at pagkatapos ay ipasa ang mga nakalimbag na kopyang ito sa Sunday School president.*

## Sa mga Sunday School President


- Matapos repasuhin ang mga tagubiling ito, ilahad ang mga ito sa mga miyembro ng ward o branch council sa susunod na council meeting. Makikita ninyo ang mga tagubilin o makakapag-download kayo ng karagdagang mga kopya sa lds.org/manuals.
- Pagpasiyahin ang mga miyembro ng council kung anong mga materyal ang kailangan para sa taong 2012 (pansinin na sa ilang lugar ng Simbahan, kusang ipinadadala ang mga materyal sa mga ward at branch).
- Sabihin sa mga miyembro ng council na ipaalam sa mga guro na karamihan sa mga materyal ay maaaring makita at i-download online sa lds.org/manuals.
- Kung kailangan ang mga nakalimbag na materyal, maaaring orderin ang mga ito mula sa inyong distribution center sa lugar o sa store.lds.org.



Ang Simbahan ni
Jesucristo
ng mga Banal
sa mga Huling Araw

# Pangkalahatang Kurikulum tuwing Linggo 2012

Gamit sa mga lugar kung saan ganap na establisado ang Simbahan

*Karamihan sa mga materyal na ito ay maaaring makita at i-download online sa lds.org/manuals.*
*Kung kailangan ang mga nakalimbag na materyal, maaaring orderin ang mga ito mula sa distribution center sa inyong lugar o sa store.lds.org.*

| Organisasyon | Mga Manwal at Sangguniang Materyal |
|---|---|
| **Melchizedek Priesthood at Relief Society**<br> | UNANG MGA LINGGO<br>Ang mga banal na kasulatan; *Handbook 2: Administering the Church* (08702); mga magasin ng Simbahan; *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (06500 893); *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (31178 893); mga materyal sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno; *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (31180 893); at iba pang mga sangguniang inaprubahan ng Simbahan |
| | IKA-2 AT IKA-3 MGA LINGGO<br>*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (36786 893) |
| | IKA-4 NA MGA LINGGO<br>Mga Turo para sa Ating Panahon: mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya; tingnan sa pahina 6 |
| | IKA-5 MGA LINGGO<br>Mga paksa at sangguniang inaprubahan ng Simbahan na pinili ng bishopric |
| **Aaronic Priesthood at Young Women** | *Pagkasaserdoteng Aaron Manwal 1* (34820 893)<br>*Aaronic Priesthood Resource Guide 2012* (makukuha lamang online sa lds.org/manuals)<br>*Mga Kabataang Babae Manwal 1* (34823 893)<br>*Young Women Resource Guide 2012* (makukuha lamang online sa lds.org/manuals) |
| | Kabilang sa iba pang mga sanggunian ang mga magasin ng Simbahan; *Pagtupad sa Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood* (06746 893); *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (36035 893); *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (36550 893); *Tapat sa Pananampalataya* (36863 893); *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (36617 893); at *Strength of Youth Media 2012 DVD.* |
| **Primary**<br> | MGA EDAD 18 BUWAN–2 TAON (KLASE NG NURSERY)<br>*Masdan ang Inyong mga Musmos: Manwal sa Nursery* (37108 893) |
| | MGA EDAD 3–11 (ORAS NG PAGBABAHAGI)<br>*2012 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi: Piliin ang Tama* (08710 893) |
| | EDAD 3 (KLASE NG SUNBEAM)<br>*Primarya 1: Ako ay Anak ng Diyos* (34969 893) |
| | MGA EDAD 4–7 (MGA KLASE NG PAT 4, 5, 6, AT 7)<br>*Primarya 2: Piliin ang Tama A* (34484 893) |
| | MGA EDAD 8–11 (MGA KLASE NG VALIANT 8, 9, 10, AT 11)<br>*Primarya 4: Aklat ni Mormon* (34594 893) |
| | Kabilang sa iba pang mga sanggunian para sa lahat ng klase ang mga magasin ng Simbahan; mga babasahing banal na kasulatan na inilarawan; *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* (06048 090); *Aklat ng mga Awit Pambata* (35395 893); at Visual Aids Cutouts (indibiduwal na mga set 1–10). |

| Organisasyon | Mga Manwal at Sangguniang Materyal |
|---|---|
| **Sunday School**  | MGA EDAD 12–13<br>*Manwal ng Guro sa Paghahanda para sa Kadakilaan* (31384 893) |
| | MGA EDAD 14–18<br>*Aklat ni Mormon Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (35683 893)<br>*Aklat ni Mormon Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35684 893) |
| | MATATANDA<br>*Aklat ni Mormon Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (35683 893)<br>*Aklat ni Mormon Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35684 893) |
| | MATATANDA<br>*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* bagong edisyon (06195 893). Ang kursong ito ay para sa mga investigator, bagong miyembro, miyembrong bumabalik sa pagkaaktibo, at iba pang kailangang maturuan ng mga pangunahing doktrina ng ebanghelyo. Pinipili ng guro ang pagkakasunud-sunod ng mga aralin ayon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. |

| Opsyonal na mga Kurso | Mga Manwal at Sangguniang Materyal |
|---|---|
| **Pagtuturo ng Ebanghelyo** | *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893), mga pahina 244–303<br>(12 linggo) |
| **Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak** | *Manwal ng Guro sa Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak* (35865 893)<br>*Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak Gabay sa Pag-aaral ng Kalahok* (36357 893)<br>(16 na linggo) |
| **Templo at Family History** | *Instructor's Guide to Temple and Family History Work [Gabay ng Guro sa Gawain sa Templo at Family History]* (35804)<br>*Member's Guide to Temple and Family History Work [Gabay ng Miyembro sa Gawain sa Templo at Family History]* (36795)<br>(7 linggo) |
| **Paghahanda para sa Templo** | *Pinagkalooban Mula sa Itaas: Seminar sa Paghahanda sa Templo Manwal ng Guro* (36854 893)<br>*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (36793 893)<br>(7 linggo) |

*Hindi lahat ng materyal sa tsart na ito ay naisalin o makukuha online para sa lahat ng wikang gumagamit ng pangkalahatang kurikulum tuwing Linggo. Mangyaring gamitin ang mga materyal na ito kapag mayroon na.*

# Pangunahing Kurikulum tuwing Linggo 2012

Ginagamit kung saan naorganisa ang Simbahan sa isang lugar kamakailan o kung saan wala pang *mga pangkalahatang materyal sa kurikulum tuwing Linggo* na naisalin sa wika. Sa pagsang-ayon ng Panguluhan ng Pitumpu o ng Area Presidency, maaaring ipasiya ng mga stake president na gamitin ang *pangunahing kurikulum tuwing Linggo* sa mas establisadong mga lugar at wika kung mas makakabuti iyon sa mga miyembro kaysa sa *pangkalahatang kurikulum tuwing Linggo.*

*Karamihan sa mga materyal na ito ay maaaring makita at i-download online sa lds.org/manuals. Kung kailangan ang mga nakalimbag na materyal, maaaring orderin ang mga ito mula sa inyong distribution center sa lugar o sa store.lds.org.*

| Organisasyon | Mga Manwal at Sangguniang Materyal |
|---|---|
| **Melchizedek Priesthood at Relief Society** | UNANG MGA LINGGO<br>Ang mga banal na kasulatan; mga magasin ng Simbahan; *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (31178 893); *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (31180 893); at iba pang mga sangguniang inaprubahan ng Simbahan |
|  | IKA-2 AT IKA-3 MGA LINGGO<br>*Mga Tungkulin at Biyaya ng Pagkasaserdote, Bahagi B* (31112 893)<br>*Ang Babaeng Banal sa Huling Araw, Bahagi B* (31114 893) |
| | IKA-4 NA MGA LINGGO<br>Ang mga aralin sa Mga Turo para sa Ating Panahon ay itinuturo mula sa mga mensahe sa pinakahuling isyu ng pangkalahatang kumperensya sa *Ensign* o *Liahona* (tingnan sa pahina 6 ng lathalaing ito ang mga tagubilin sa pagpili ng mga mensahe). Kung hindi makuha ang mga magasing ito sa wika ninyo, maaaring gamitin ang mga Mensahe ng Unang Panguluhan at mga Mensahe sa Visiting Teaching. |
| | IKA-5 MGA LINGGO<br>Mga paksa at sangguniang inaprubahan ng Simbahan na pinili ng branch presidency |
| **Aaronic Priesthood at Young Women** | UNA, IKA-4 AT IKA-5 MGA LINGGO<br>*Pagkasaserdoteng Aaron Manwal 1* (34820 893) o *Mga Kabataang Babae Manwal 1* (34823 893). Ituro nang sunud-sunod ang mga aralin sa loob ng dalawang taon, pagkatapos ay ulitin ito. Kung walang makuhang *Pagkasaserdoteng Aaron Manwal 1* at *Mga Kabataang Babae Manwal 1*, gamitin ang *Mga Tungkulin at Biyaya ng Pagkasaserdote, Bahagi A* (31111 893) at *Ang Babaeng Banal sa Huling Araw, Bahagi A* (31113 893) para sa mga aralin sa una, ika-4, at ika-5 mga Linggo. |
|  | IKA-2 AT IKA-3 MGA LINGGO<br>*Mga Tungkulin at Biyaya ng Pagkasaserdote, Bahagi B* (31112 893)<br>*Ang Babaeng Banal sa Huling Araw, Bahagi B* (31114 893) |
| | Kabilang sa iba pang mga sanggunian ang mga magasin ng Simbahan; *Pagtupad sa Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood* (06746 893); *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (36035 893); *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (36550 893); *Tapat sa Pananampalataya* (36863 893). |

| Organisasyon | Mga Manwal at Sangguniang Materyal |
|---|---|
| **Primary**  | MGA EDAD 18 BUWAN–2 TAON (KLASE NG NURSERY)<br>*Masdan ang Inyong mga Musmos: Manwal sa Nursery* (37108 893) |
| | MGA EDAD 3–11 (ORAS NG PAGBABAHAGI)<br>*2012 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi: Piliin ang Tama* (08710 893) |
| | EDAD 3<br>*Primarya 1: Ako ay Anak ng Diyos* (34969 893) |
| | MGA EDAD 4–7<br>*Primarya 2: Piliin ang Tama A* (34484 893) |
| | MGA EDAD 8–11<br>*Primarya 4: Aklat ni Mormon* (34594 893) |
| | Kabilang sa iba pang mga sanggunian para sa lahat ng klase ang mga magasin ng Simbahan; mga babasahing banal na kasulatan na inilarawan; *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* (06048 090); *Aklat ng mga Awit Pambata* (35395 893); at Visual Aids Cutouts (indibiduwal na mga set 1–10). |
| **Sunday School**   | MGA EDAD 12–18<br>*Aklat ni Mormon Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (35683 893) |
| | MATATANDA<br>*Aklat ni Mormon Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (35683 893) |
| | MATATANDA<br>*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* bagong edisyon (06195 893). Kung walang makuhang ganitong aklat, maaaring gamitin ang dating edisyon ng *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893). Kung parehong wala ang mga aklat na ito, maaaring gamitin ang *Gospel Fundamentals* (31129). Ang kursong ito ay para sa mga investigator, bagong miyembro, miyembrong bumabalik sa pagkaaktibo, at iba pa na kailangang maturuan ng mga pangunahing doktrina ng ebanghelyo. Pinipili ng guro ang pagkakasunud-sunod ng mga aralin ayon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. |

| Opsyonal na mga Kurso | Mga Manwal at Sangguniang Materyal |
|---|---|
| **Pagtuturo ng Ebanghelyo** | *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893), mga pahina 244–303 (12 linggo). Kung walang makuhang ganitong aklat, gamitin ang *Gabay sa Pagtuturo* (34595 893), mga pahina 21–22 (8 linggo). |
| **Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak** | *Manwal ng Guro sa Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak* (35865 893)<br>*Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak Gabay sa Pag-aaral ng Kalahok* (36357 893)<br>(16 na linggo) |

*Hindi lahat ng materyal sa tsart na ito ay naisalin o makukuha online para sa lahat ng wikang gumagamit ng pangunahing kurikulum tuwing Linggo. Mangyaring gamitin ang mga materyal na ito kapag mayroon na.*

# Mga Korum *at* Klase *tuwing* Linggo

Ang taon ng kurikulum ay nagsisimula sa buong mundo tuwing Enero 1. Gamitin ang sumusunod na mga tagubilin sa pagbubuo ng mga korum at klase ng priesthood sa araw ng Linggo.

## *Melchizedek Priesthood at Relief Society*

(Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* [2010], 7.8.1, 9.4.1)

Karaniwan tuwing Linggo, nagpupulong nang magkakahiwalay ang kalalakihan ng Melchizedek Priesthood at kababaihan ng Relief Society ngunit pareho ang paksang pinag-aaralan at mga materyal na ginagamit nila.

UNANG LINGGO. Ipinaplano ng bawat lider ng elders quorum, high priests group, at Relief Society ang miting na ito para sa sarili nilang organisasyon at magagamit nila ang mga sangguniang materyal para sa unang Linggo na nakalista sa mga pahina 2 at 4.

Isang miyembro ng panguluhan ng elders quorum o pamunuan ng high priests group ang nagtuturo sa unang Linggo. Ginagamit ng mga lider ng Melchizedek Priesthood ang miting na ito upang ituro ang mga doktrina ng ebanghelyo at tulungan ang kalalakihan na aktibong gumanap sa kanilang mga tungkulin sa priesthood. Hinahangad ng mga lider ng korum at grupo ang patnubay ng Espiritu sa pagpili ng mga paksang ituturo. Maaaring ibilang sa mga paksa ang home teaching, pagsasagawa ng mga ordenansa at basbas ng priesthood, pagpapatatag sa pagsasama ng mga mag-asawa at pamilya, paglilingkod, gawaing misyonero, pagpapanatili sa nabinyagan, pagpapaaktibo, espirituwal at temporal na kapakanan, at gawain sa templo at family history. Maaari ding gamitin ng mga lider ng korum at grupo ang oras na ito upang magplano ng mga paraan para matulungan ang iba, magatas, at magpaulat tungkol sa nakaraang mga atas.

Isang miyembro ng ward Relief Society presidency ang nagtuturo sa unang Linggo. Ginagamit ng mga lider ng Relief Society ang miting na ito upang ituro ang mga doktrina ng ebanghelyo at tulungan ang kababaihan na aktibong tumulong sa gawain ng Relief Society. Hinahangad ng mga miyembro ng Relief Society presidency ang patnubay ng Espiritu sa pagpili ng mga paksang ituturo. Maaaring ibilang sa mga paksa ang mga tungkulin at responsibilidad ng kababaihan sa ebanghelyo, pagpapatatag ng pagsasama ng mga mag-asawa at pamilya, visiting teaching, paglilingkod, gawaing misyonero, pagpapanatili sa nabinyagan, pagpapaaktibo, espirituwal at temporal na kapakanan, gawain sa templo at family history, at kasaysayan at mga layunin ng Relief Society. Maaaring bigyan ng pagkakataon ang kababaihan na magbahagi ng kanilang patotoo.

IKALAWA AT IKATLONG MGA LINGGO. Tinuturuan ang kalalakihan ng Melchizedek Priesthood at kababaihan ng Relief Society mula sa aklat na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith*. Ang mga aralin ay maaaring ituro ng mga lider o ng mga guro sa korum, grupo, o Relief Society. Ang mga aralin ay karaniwang itinuturo ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga ito sa manwal.

Tinitiyak ng mga lider ng elders quorum, high priests group, at Relief Society na lahat ng miyembrong edad 18 pataas ay tumanggap ng kopya ng aklat na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* para sa kanilang personal na pag-aaral, makadalo man sila sa kanilang mga miting o hindi. Hinihikayat ng mga lider na dalhin ng mga dumadalo ang kopya nila ng aklat at, kung maaari, ang sarili nilang kopya ng mga banal na kasulatan.

Kung hindi naituro ang isa sa mga araling ito dahil sa mga stake conference o iba pang mga miting, mga stake president at bishop ang nagpapasiya kung dapat itong ituro sa ibang araw ng Linggo.

IKAAPAT NA LINGGO—MGA TURO PARA SA ATING PANAHON. Ang mga aralin ay itinuturo mula sa mga mensahe sa pinakahuling isyu ng pangkalahatang kumperensya sa *Ensign* o *Liahona*. Makukuha rin ang mga mensaheng ito online (sa maraming wika) sa conference.lds.org. Ang mga aralin ay maaaring ituro ng mga lider o ng mga guro sa korum, grupo, o Relief Society. Ang stake president o bishop ang pumipili ng mensahe. Ang mga isyu ng kumperensya sa magasin ay may karagdagang mga tagubilin.

IKALIMANG LINGGO (KUNG NAAANGKOP). Ang bishop ang nagpapasiya kung ano ang paksang ituturo, kung sino ang magtuturo (kadalasan ay miyembro ng ward o stake), at kung magpupulong nang hiwalay o magkakasama ang kababaihan ng Relief Society at ang mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood.

## *Aaronic Priesthood at Young Women*

(Tingnan sa *Handbook 2,* 8.11, 10.6)

Ang mga Aaronic Priesthood quorum ay karaniwang nagpupulong nang hiwalay sa mga miting at klase ng korum sa araw ng Linggo. Gayunman, maaari silang pagsamahim kapag kakaunti ang mga kabataang lalaking nasa edad ng Aaronic Priesthood na nakatira sa yunit. Ganito rin ang mga patakaran sa mga klase ng Young Women. Paminsan-minsan ay maaaring sama-samang magpulong ang mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood at ang mga kabataang babae para sa mga aralin sa araw ng Linggo sa pamamahala ng bishop.

Ang mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood at mga kabataang babae ay tinuturuan mula sa mga manwal na nakalista sa mga pahina 2 at 4. Maaaring patulungin ng mga lider ang mga kabataan sa pagtuturo ng mga bahagi ng aralin.

## Primary

(Tingnan sa *Handbook 2,* 11.4)

Dapat igrupo ng mga lider ang mga bata sa mga klase ng Primary ayon sa edad nila pagsapit ng Enero 1. Kung sapat ang bilang ng mga bata, dapat magbuo ng hiwalay na klase para sa bawat grupo ng mga batang magkakaedad. Kung limitado ang mga silid-aralan o guro, maaaring pagsama-samahin ang mga batang magkakaiba ang edad.

Hangga't maaari, dapat magkaroon ng klase ng nursery para sa mga bata pagsapit nila sa gulang na 18 buwan. Mga magulang ang magpapasiya kung isasali ang anak nila sa klaseng ito. Ang mga batang 2 taong gulang pagsapit ng Enero 1 ay magpapatuloy sa klase ng nursery hanggang katapusan ng 2012. Ang mga batang 3 taong gulang pagsapit ng Enero 1 ay dadalo sa klase ng Sunbeam o sa pinagsamang klase ng mga pinakabata.

Ang mga bata ay tinuturuan mula sa mga manwal na makikita sa mga tsart sa mga pahina 5 at 8.

Kung naaangkop, nakikilahok ang mga batang nakababata sa oras ng pagbabahagi ng Primary habang nasa klase ang mga batang nakatatanda. Sa kalagitnaan ng klase ng Primary, nagpapalitan ng lugar ang dalawang grupo. Kung iilan lang sila, maaaring pagsamahin ang dalawang grupo. Kung nagpupulong nang hiwalay ang dalawang grupo, dapat isabay ang oras ng pagbabahagi para sa mga batang nakatatanda sa oras ng mga klase ng Aaronic Priesthood at Young Women.

Ang mga batang nag-edad 12 sa taong ito ay nagsisimulang dumalo sa miting ng kanilang korum ng Aaronic Priesthood o sa klase ng Young Women sa oras ng pagbabahagi ng Primary. Sa oras ng klase ng Primary, ang mga nag-12-taong-gulang ay karaniwang patuloy na dumadalo sa kanilang klase ng Primary hanggang sa darating na Enero. Gayunman, maaaring magpulong ang bishop at iba pang mga lider ng ward upang pagpasiyahan kung mas makikinabang ang mga 12-taong-gulang na ito sa pagdalo sa klase ng Sunday School para sa mga 12- at 13-taong-gulang. Sa pagpapasiyang ito, isasaalang-alang ng mga lider ang mga pangangailangan ng mga bata at kung kailan mag-eedad 12 ang bawat bata. Ang kanilang desisyon ay para sa lahat ng batang mag-eedad 12 sa taong ito.

## Sunday School

(Tingnan sa *Handbook 2,* 12.4)

Ang Sunday School ay para sa mga miyembrong edad 12 pataas pagsapit ng Enero 1. Ang mga batang mag-eedad 12 sa taong ito ay mananatili sa kanilang klase sa Primary sa oras ng Sunday School o magsisimulang dumalo sa klase para sa mga 12- at 13-taong-gulang, ayon sa pasiya ng bishop sa pakikipagsanggunian sa iba pang mga lider ng ward.

Kung sapat ang bilang ng mga kabataan, maaaring magbuo ng magkakahiwalay na klase para sa bawat grupo ng mga batang magkakaedad. Kung kakaunti ang mga kabataan o limitado ang mga silid-aralan o guro, maaaring pagsama-samahin ang mga kabataang magkakaiba ang edad. Bawat ward na may sapat na bilang ng mga young single adult ay maaaring magkaroon ng hiwalay na klase para sa kanila sa oras ng Sunday School.

Ang mga kurso sa Sunday School at mga sanggunian para sa pagtuturo ng mga ito ay makikita sa mga tsart sa mga pahina 3 at 5.

## Opsyonal na mga Kurso

Para sa impormasyon tungkol sa opsyonal na mga kurso, tingnan sa mga tsart sa mga pahina 3 at 5. Ang mga kursong ito ay idinaraos kung kailangan sa pamamahala ng bishopric. Idinaraos ang mga ito sa mga oras na maluwag para sa mga kalahok, pati na sa oras ng Sunday School.

## Mga Miyembrong May Kapansanan

Dapat tiyakin ng mga lider na alam ng mga miyembrong may kapansanan ang mga materyal sa kurikulum ng Simbahan na iniangkop sa kanilang mga pangangailangan. Para sa impormasyon tungkol sa mga materyal na ito, kontakin ang distribution center sa inyong yunit o bumisita sa store.lds.org. May matatagpuan ding nakatutulong na impormasyon sa disabilities.lds.org.

## Pagpapahusay ng Pagkatuto at Pagtuturo

(Tingnan sa *Handbook 2,* 5.5, 12.5)

Ang mga lider ng priesthood at auxiliary ay may responsibilidad na paghusayin ang pagkatuto at pagtuturo sa kanilang mga organisasyon. Ipinaaalam nila sa mga bagong guro ang gagawin at patuloy silang nagbibigay ng tagubilin at suporta. Ang mga miyembro ng ward Sunday School presidency ay nagsisilbing mga specialist sa pagsisikap ng ward na mapahusay ang pagkatuto at pagtuturo. Sa paanyaya ng bishopric o ng mga lider ng mga organisasyon ng priesthood at auxiliary, nagbibigay sila ng payo, training, at suporta. Tinutulungan nila ang mga lider na turuan ang bagong tawag na mga guro at paghusayin ang pagkatuto at pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga organisasyon. Regular na nagsasanggunian ang mga miyembro ng mga ward council kung paano mapapahusay ang pagkatuto at pagtuturo tungkol sa ebanghelyo.

*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893) ang sanggunian para sa pagpapahusay ng guro. Sa mga lugar kung saan walang makuhang ganitong aklat, dapat gamitin ng mga yunit ang *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* (34595 893).

# Mga Materyal *para sa* Tahanan

Dapat tiyakin ng bishop at mga lider ng ward na lahat ng miyembro ay pamilyar sa at makakuha ng sumusunod na mga materyal kapag mayroon na nito sa angkop na wika:

Mga Banal na Kasulatan

Mga magasin ng Simbahan

*Mga Himno* (31243 893)

*Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo* (35602 893)

*Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol* (36299 893)

*Gabay na Aklat ng Mag-anak* (31180 893)

*Family Home Evening Resource Book* (31106)

*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* (06048 090)

*Ang Ating Pamana: Isang Maikling Kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* (35448 893)

*Para sa Lakas ng mga Kabataan* (36550 893)

*Tapat sa Pananampalataya* (36863 893)

*Masdan ang Inyong mga Musmos: Manwal sa Nursery* (37108 893)

*Scripture Stories* DVDs (06598)

*Let Virtue Garnish Thy Thoughts* [tinatalakay ang problema sa pornograpiya] (00460)

*Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Kabuhayan ng Pamilya* (04007 893)

*Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan* (04008 893)

Marami sa mga sangguniang nakalista sa itaas ang makukuha sa internet sa lds.org/manuals. Para makakuha ng mga nakalimbag na kopya, bumisita sa store.lds.org o kontakin ang distribution center na naglilingkod sa inyong yunit.

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA. Pagsang-ayon sa Ingles: 6/10.
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 6/10. Pagsasalin ng *Instructions for Curriculum 2012*. Tagalog. 09330 893

TAGALOG
4 02093 30893 1
09330 893